**CODE-NGO Social Development Celebration 2010**
**"Kasali Ako sa Pagbabago!" Poetry Contest**

## THIRD PRIZE WINNER

# *Ang Lupang Hinirang at ang mga Nakibakang Tsinelas*

ni: Christian Tordesillas, 25 years old, Makati City

*(Title of the reference photo: Love is a Verb: Face the Dirt)*

Ayan na.
Ayan na ang muli't muling pagdagan
ng mga paang lunod na sa pangako
dagan, tulak,
Padyak, hila pa roon
silang mga paang
mula sa Sumilao Bukidnon
Aapak sa mga mabitak
daraan sa mga burak
patuloy ang pagbaybay
ng mga milyun-milyung apak
patungo sa mga pinagtatanggol
sa inangking tinatamnang lupa.

Mabagsik ang bawat
Taludtod ng mga sigaw
Ng pagtatanggol sa
Lupang hinirang mula pa
Sa kanilang ninunong Higaonon
Lumalagitik ang bawat pagpilantik
Sa mga guma namin ng mga
Paang sakay
Dumadagundong ang mga sigaw
Kasaliw ng mga nagbabagang
Tambol sa tarangkahan ng Malacanang.

“Lupang hinirang
Duyan ka ng magiting
Sa manlulupig
‘Di ka pasisiil…”

At sa aming pagsali
Buong galak kaming tinanggap
Ng mga kapatid naming tsinelas
Sabay sa mga taludtod
Sa paglaban sa karapatang-pantao
Dumagan-tulak
Dumadyak-hila sa mga

Bawat balakid dala-dala
Ang paniniwalang
Ang lupang hinirang
Ay para sa ating lahat at hindi
Maaaring angkinin
Ng anumang korporasyon ng mga pinya at saging.